


Arts

Ikalawang Markahan – Modyul 2: Pagpinta ng mga Tanawin



Arts – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 2: Pagpinta ng mga Tanawin
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Esther E. Cadayona

Editor: Marivic O. Arro, Neal Keith Gonzales, Reynaldo Deocampo,
Arcel Gacasan

Tagasuri: Myrene M. Saragena, Gloria C. Sabanal, Cee Jae Q. darunday

Tagaguhit: Rheina Norma P. Quilla

Tagalapat: Edgardo D. Pamugas III

Tagapamahala: Allan G. Farnazo

Reynante A. Solitario

Mary Jeanne B. Aldeguer

Janwario E. Yamota

Analiza C. Almazan

Djhoane C. Aguilar

Ma. Cielo D. Estrada

Maria Perpetua Angelita G. Suelto

Jeselyn B. dela Cuesta

Reynaldo C. Deocampo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Arts

Ikalawang Markahan – Modyul 2:
Pagpinta ng mga Tanawin

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa modyul na ito, ating bigyang halaga ang masaganang kalikasan. Iyong makikita ang kaginhawaan sa ating kapaligiran ayon sa kanyang kulay. Sa pagpipinta, iyong matutuhan ang pagkakabagay-bagay ng mga kulay na ginagamit o **color harmony**. Iyong mapapansin na may iba't ibang hayop na nakadagdag sa ganda nito. Ang pagpipinta ng **landscape** ay isang inspirasyon ng mga pintor sa iba't ibang panahon. Madalas ang pinintang larawan ay mula sa damdamin ng isang pintor. Ang maliwanag na pinta ng mga kulay na dilaw, pula at dalandan ay nakapagbibigay ng masayang damdamin. Samantala, ang madilim na mga kulay tulad ng asul, berde at lila ay nagpapakita naman ng malungkot na damdamin.

Matapos mong mapag-aralan ang modyul, ikaw ay inaasahang nahihinuha at nakapagpipinta ng mayaman na kalikasan na kung saan ay walang dalawang bagay na magkatulad sa pamamagitan ng mga tanawin sa iba't ibang panahon. **(A3EL-IIb)**




Subukin

Panuto : Tingnan ang **landscape painting** ng sumusunod na mga pintor. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa papel.



Felix Hidalgo

<https://ph.news.yahoo.com/blogs/the-inbox/dreamy-elusive-hidalgo-110549777.html>



Fernando Amorsolo

<https://www.mutualart.com/Artwork/SUNSET-OVER-BATAAN/186DCC83683CEB66>



Johnamar Salvosa

<https://www.saatchiart.com/art/Painting-Colourful-Forest/1036419/3938897/view>

1. Anong kumbinasyon ng mga kulay ang makikita mo sa landscape painting ni Johnamar Salvosa?
 - a. madilim na kulay
 - b. malimlim na kulay
 - c. maliwanag na kulay
 - d. mapusyaw na kulay
2. Kaninong landscape painting ang nagpapakita ng madilim na kulay?
 - a. Felix Hidalgo
 - b. Fernando Amorsolo
 - c. Johnamar Salvosa
 - d. Jorge Pineda
3. Anong emosyon ang ipinahihiwatig sa landscape painting ni Fernando Amorsolo?
 - a. malungkot
 - b. masaya
 - c. nakagugulat
 - d. nakatatakot
4. Sa anong oras at panahon sa isang araw ang ipinapakitang landscape ni Felix Hidalgo?
 - a. gabi
 - b. hapon
 - c. tanghali
 - d. umaga
5. Kung iyong titingnan ang landscape painting na ipininta ni Fernando Amorsolo, ito ay nagpapakita sa panahon na ____?
 - a. gabi
 - b. hapon
 - c. tanghali
 - d. umaga

Aralin

1

Pagpipinta ng mga Tanawin

Isang kawili-wiling aawain ang pagpipinta gaya ng pagpipinta ng mga tanawin. Ito ay nagpapakita ng totoong kalagayan ng isang lupa kasama ang pisikal na **element** nito gaya ng mga bulubundukin at burol. Sina Felix Hidalgo, Fernando Amorsolo at Johnmar Salvosa ang mga kilalang pintor. Gumamit sila ng iba't ibang mga kulay na nagpapakita ng damdamin sa kanilang ipininta.




Balikan

1. Ano-ano ang mga pangunahing kulay?
2. Ano-ano ang mga pangalawang kulay?
3. Paano nabuo ang pangalawang kulay?
4. Ano ang tawag sa magkatapat na kulay sa **color wheel**?
5. Ano ang komplementaryong kulay ng pula?



Tuklasin

Panuto: Iguhit mo ang larawan sa isang malinis na papel. Kumuha ka ng **water color** at pintahan mo ang larawan gamit ang mga kulay na naaayon sa iyong damdamin.




Suriin

1. Anong saloobin ang ipinakita sa tanawin?
2. Ano-anong kulay ang ginagamit dito?
3. Tukuyin ang tanawing likod, gitna at harap sa larawan.

Ang makukulay na kapaligiran ay nakapagdudulot ng maginhawa at maliwalas na pamumuhay. Ang pagkakabagay-bagay ng mga kulay sa paligid ay nakaaapekto rin sa ating damdamin. Talagang mayaman ang ating kalikasan dahil sa mga magagandang tanawing may iba't ibang mga hugis, tekstura at kulay.


Sa pagpipinta, kailangang gamitan ng angkop kulay na naaayon sa oras at panahon sa isang araw. Halimbawa kung ikaw ay magpipinta ng isang tanawin sa tanghali ay kailangan mo itong gamitan ng mga kulay na maalinsangan o mainit kagaya ng kulay pula, dilaw, at dalandan. Kapag ikaw ay magpipinta ng isang tanawin na ang panahon ay sa dapithapon o gabi, ang mga kulay na gagamitin ay madidilim kagaya ng asul, lila, at berde. Kung sa umaga naman ang mga kulay na dapat gagamitin ay mga kulay na maliwanag kagaya ng dilawang dalandan na kulay, dilaw-berde, at pulang-dalandan.



Pagyamanin

Panuto: Masdan ang napakaganda nating kalikasang nasa larawan sa kabilang pahina. Iguhit ito sa malinis na papel at kulayan nang naaayon sa nakasulat sa panahon.

Umaga





Isaisip

1. Ang pagkakabagay-bagay ng mga tanawin ay ipinapakikita sa pamamagitan ng iba-ibang kombinasyon ng mga kulay sa pagpipinta ng mga tanawin.
2. Naipalalabas ng isang pintor ang kanyang saloobin sa pamamagitan ng iba't ibang kulay na kanyang ginamit.
3. Naipipinta ang iba't ibang panahon tulad ng umaga, tanghali at gabi sa pamamagitan ng paghahalo-halo ng magkabay na mga kulay o color harmony.
4. Sa pagpipinta kailangan ang tamang espasyo o agwat ng bawat bagay sa isang likhang sining.



Isagawa

1. Ihanda ang kagamitan kagaya ng papel, **brush**, water color o poster paint.
2. Mag-isip ka ng panahon o oras sa isang araw na gusto mong ipinta bilang iyong likhang sining.
3. Gawin mong insperasyon ang larawang ipininta ng mga tanyag na pintor na sina Felix Hidalgo, Fernando Amorsolo, at Johnamar Salvosa.
4. Maghanda rin ng lumang diyaryo para pansapin sa ilalim ng iyong sagutang papel.
5. Sulatan ng pamagat ang natapos na gawain.



Tayahin

Panuto : Basahin at intindiing mabuti ang bawat katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa sagutang papel.

1. Anong kombinasyon ng mga kulay ang makikita mo sa landscape painting kapag dapithapon?
a. madilim na kulay c. maliwanag na kulay
b. malimlim na kulay d. mapusyaw na kulay
2. Ano-anong mga kulay ang maaaring gamitin sa pagpinta kapag ang likhang sining ay nagpapahiwatig ng kasiyahan?
a. dalandan, berde, lila c. lila, pula, asul
b. lila, asul, berde d. pula, dilaw, dalandan

3. Anong emosyon ang ipinahihiwatig sa landscape painting kapag ang mga kulay na ginamit ay maliwanag at makulay?

a. malungkot

c. nakakagulat

b. masaya

d. nakakatakot

4. Anong panahon ang ipinapakita ng larawang ito?




a. gabi

b. hapon

c. tanghali

d. umaga

5. Ibinigay ang oras at panahon na ipinapakita ng larawan sa ibaba.



a. gabi

b. hapon

c. tanghali

d. umaga



Karagdagang Gawain

Lumabas ka sa iyong bahay. Ipinta ang sa palagay mong pinakamagandang tanawing iyong nagugustuhan. Isagawa ito sa isang buong short bond paper.

Gamitin mo ang rubrik sa ibaba upang bigyang marka ang iyong ginawa.

Batayan ng aking likhang-sining	Pinakamahusay	Mahusay	Hindi masyadong mahusay
Puntos	15	10	5
1.Ang aking likhang-sining ay nagpapakita ng magandang kombinasyon ng mga kulay.			
2.Nakikita ang estilo at hugis sa isang likhang-sining			
3.Nagagawa ko bang malinis at kaaya-aya ang aking likhang sining.			
4.Nabibigyan ko ng kahalagahan ang mga magaganda at mayamang kalikasan.			



Susi sa Pagwawasto

Subukin 1. C 2. A 3. A 4. A 5. B	Pagymamanin 1. Pula, dilaw, dalandan 2. Sa pamamagitan ng dalawang pangunahing kulay 3. Dalandan, lila, berde 4. Kumplementaryong kulay o komplementary color 5. dalandan	Tayahin 1. A 2. D 3. B 4. D 5. B
---	--	---

Sanggunian

Amit, Adolfo S., Canor, Larry, Castro, Benjamin M., Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C.,. Montañez, Cynthia T. 2014, 2016, 2017 *Music, Art, PE and Health 3, Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya*, Department of Education- Bureau of Learning Resource (DepEd-BLR), Book Media Press, Inc. , 21 E. Boni Serrano Ave., Quezon City

Amit, Adolfo S. , Canor, Larry, Castro, Benjamin M. , Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C. ,. Montañez, Cynthia T. , 2015, *Music, Art, PE and Health 3 Teacher's Guide*, Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Rex Bookstore, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph